

Killer Clown

"Sumama ka na, Kyle. Maraming bebot doon," pamimilit sa akin ng pinsan kong si Neil na samahan siya sa disco. Ayaw kong sumama dahil pagod ako. Mas gugustuhin kong matulog na lang kaysa uminom at sumayaw kasama ang jologs kong pinsan.

Umiling lang ako.

"Bahala ka nga. Basta huwag mo akong isusumbong kay lola, ha?" Tango lang ang isinagot ko. Tinatamad kasi akong ibuka ang aking bibig.

"Baka alas-tres na ako makauwi. Susulitin ko na ang gabi na 'to. Baka wala nang kasunod, eh."

Paglabas niya'y kaagad kong ini-lock ang pinto.

Sa sala ko na lang piniling matulog para mas mabilis mapagbuksan si Neil sakaling umuwi siya. Baka hindi ako magising kaagad kung sa kuwarto ako matutulog. Medyo tulog-mantika kasi ako.

Nagbasa muna ako ng libro. Iyon kasi ang paraan ko kapag hindi makatulog. Pinapagod ko ang aking utak para dalawin ako ng antok.

Tiningnan ko ang relo ko. Alas-doce na pero hindi pa rin ako inaantok. Nakinig na lang ako ng radyo sa cellphone at ipinikit ang mga mata. Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako hanggang sa

gisingin ako ng malalakas na pagkatok.

Tiningnan ko ang oras at eksaktong alas-tres na pala.

Nagmamadali akong bumangon para pagbuksan ang pinsan ko. Pupungas-pungas kong binuksan ang pinto ngunit laking gulat ko nang wala akong Neil na nakita. Sinilip kong mabuti ang labas dahil baka nanloloko lang siya.

Napansin ko ang isang anino na nagtatago sa malaking puno ng narra na nasa aming tapat. Si Neil talaga, kahit kailan ay tatanga-tanga. Manloloko na nga lang, palpak pa.

Isinara ko ang pinto pero hindi ko ini-lock para kung sakali ay pumasok na lang siya. Bumalik ako sa higaan at muling hinanap ang antok.

Mayamaya'y magkakasunod na katok na naman ang aking narinig. Hinayaan ko lang siya hanggang sa tumigil. Wala pang tatlong minuto'y muli na naman siyang kumatok, at mas malalakas na iyon. Sa pag-aalalang baka magising si Lola'y sinabihan ko siya na hindi iyon naka-lock at hindi na niya kailangang kumatok pa.

Habang pinipilit kong muling makatulog ay naramdaman ko ang marahang pagbukas ng pinto. Hindi na ako dumilat para hindi na niya ako kuwentuhan ng mga nangyari sa disco. Alam ko naman kasing mang-iinggit lang ang mokong.

Naramdaman ko ang kanyang presensya sa aking ulunan. Balak ko sana siyang gulatin ngunit

biglang umubo si Lola nang pagkalakas-lakas mula sa kuwarto nito. Matapos noo'y narinig ko ang mga yabag ng aking pinsan paitaas. Hindi nagtagal ay nakatanggap ako ng isang text. Nagulat ako nang makita kung kanino galing iyon. Kay Neil.

“Insan, baka umaga na ako makauwi. Dumerecho pa kami sa motel ng babaeng nakilala ko. Ikaw na bahala kay Lola. Kuwentuhan kita pag-uwi ko.”

Nanlaki ang mga mata ko sa nabasa. Binasa kong mabuti kung anong oras dumating iyong text at parehas naman sa kung ano ang oras sa aking relo.

Kung umaga pa makakauwi si Neil, sino iyong kumatok nang paulit-ulit at ngayo'y nasa itaas?

Bigla kong naisip si Lola at ang madalas niyang bilin sa amin ni Neil.

“Kung may kakatok sa pinto nang alas-tres ng madaling-araw, wag n’yo kaagad pagbubuksan. Tawagin n’yo muna sa pangalan at kung sumagot, pakinggan ninyong maigi ang boses kung kakilala n’yo ba.”

Dumagundong ang aking dibdib sa sobrang kaba. Nagpapasok ako ng hindi kakilala at wala akong ideya kung sino iyon.

Nanginginig akong tumakbo sa kusina upang kumuha ng kahit anong puwedeng gamiting armas sa hindi kilalang nilalang na kasalukuyang nasa ikalawang palapag ng aming bahay. Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung sakaling may masamang mangyari sa aking lola.

Tahimik akong pumanhik ng hagdan nang sa gayo'y hindi niya maramdaman ang presensya ko. Bawat hakbang ng aking mga paa'y sadyang maingat upang hindi makalikha ng kahit na anong ingay. Nang makaakyat ay nakita kong bukas ang pinto ng kuwarta ni Lola. Gusto kong umatras dahil sa takot, pero hindi ko pwedeng pabayaan ang taong nagpalaki at nagmamahal sa akin. Kailangan kong maging matapang.

Pagpasok ko sa kuwarta'y kaagad na bumungad sa akin ang isang lalaking nakasuot ng damit ng clown. Nakatingin siya sa bangkay ng aking lola na naliligo sa sarili nitong dugo. Nakadilat pa ang mga mata nito't nakalabas ang dila, tanda ng paghihirap bago mamatay. Hindi ko maintindihan ngunit naubos ang tapang na natitira sa aking katawan. Biglang-bigla'y gusto kong tumakbo na parang bata. Hindi ko namalayan na humihikbi na pala ako na siyang naging dahilan para maramdaman ako ng lalaking pumatay kay Lola.

Mabilis niyang ipinihit ang kanyang ulo paharap sa akin habang ako nama'y hindi makagalaw sa aking kinatatayuan. Bawat paghinga'y habol-habol ko. Gusto ko na lang maglahong parang bula.

Mas lalo akong kinilabutan nang makita ko ang malaking ngiting nakaguhit sa kanyang mukha. Para siyang isang demonyong hayok na hayok sa pagpatay. May hawak siyang malaking itak at punong-puno ng dugo ang katawan.

Humakbang siya papalapit sa akin kaya mas lalong umigting ang kabang aking nararamdaman.

Nagamamadali akong tumakbo pababa upang lumabas at humingi ng tulong. Pagbukas ko ng pinto'y napaiyak ako nang makita ang pinsan kong si Neil na nakatayo sa tapat. Sa wakas ay ligtas na ako mula sa mamamatay-tao. Pero bigla na lang akong nakaramdam ng matinding kuryente sa katawan hanggang sa manghina't bumagsak nang tuluyan. Nawalan ako ng malay at hindi na alam ang mga sumunod na nangyari.

Nagising na lang ako sa isang hindi kilalang lugar. Nakita ko ang aking pinsan na may kausap na isang pulis at sinabing, "Nagulat na lang ako, Sir, sa pinsan ko. Pagbukas niya ng pinto'y duguan siya't may hawak na malaking itak. Nakangiti siya sa akin. Para siyang isang demonyong hayok na hayok sa pagpatay. Mabuti na lang may taser gun ako kaya nagamit ko sa kanya. Natakot kasi ako bigla."

Ang Lumang Bahay

Mula pagkabata'y marami na ang nagtanong sa akin kung bakit daw ayaw naming maghanap ng ibang matitirhan. Iyong bago at mas maaliwalas, hindi mistulang haunted house. Ito kasing bahay kung saan kami kasalukuyang naninirahan ay sobrang luma na. Ilang henerasyon na ng aking mga ninuno ang nanirahan dito. At si Papa nga ang huling nagmana.

Medyo korni kung pakikinggan, pero may sentimental value kasi ang bahay namin para sa aking mga magulang. Pinapahalagahan nila ito katulad ng pagpapahalaga na ibinigay ng aking lolo at lola. Kaya naman hindi nila ito magawang ibenta. Kung tutuusi'y kaya naman naming bumili ng isang simpleng bahay, iyong maliit at sapat sa aming lima. Medyo malaki kasi ang bahay para sa amin. Marami na ring parte na dapat palitan. Lumang-luma na talaga.

Noong una'y wala akong naiisip na dahilan para iwanan ang kinalakhan kong tirahan. Pero ngayon, sa dami ng kababalaghang naranasan ko sa bahay na ito, napapaisip tuloy ako kung dapat na ba naming iwan ANG LUMANG BAHAY.

Hayaan n'yo akong magpakilala. Ako nga pala si Angelo, labing-anim na taong gulang at kasalukuyang

freshman sa isang kilalang unibersidad sa Maynila. Pangalawa ako sa aming tatlong magkakapatid, medyo malayo ang agwat ko sa aming bunso. Hindi kasi inasahan ng aking ina na mabubuntis pa siya dahil matanda na sila ni Papa.

Maraming kuwento ang mga kapitbahay namin tungkol sa aming tirahan, pero lahat ng iyo'y hindi ko pinaniwalaan noon. Kung kami na mismong nakatira roo'y wala namang nararamdaman, malamang puro kuwentong barbero lang ang ipinagkakalat nila. Dahil siguro sa sobrang luma na ng aming bahay kaya ginagawa na lang nila itong panakot sa mga bata. Kung pagmamasdan mo kasi ito'y nakakatakot naman talaga. Tawag nga ng ibang bata rito'y "Bahay ni Lola".

Ewan ko ba, sabi kasi nila'y madalas daw may makitang matandang babae na nagdidilig sa aming maliit na hardin. Normal naman na magdilig sa hardin. Ang hindi normal ay wala namang matandang babae na nakatira sa amin. Isa pa, madaling-araw daw nila madalas makita ang matandang babae. Kaya maraming natatakot sa aming bahay lalo na kung disoras ng gabi.

Isang beses ay may nakita naman ang kapitbahay namin na dalawang matandang nakasilip sa bintana ng kuwarto nina Mama. Isang matandang babae at isang matandang lalaki raw ayon sa nakakita. Hindi niya kilala pero ang sama ng tingin sa kanya. Akala niya noong una'y namamalikmata lang siya. Pero nakalagpas na siya sa bahay ay naroon pa rin ang

mga ito, nanlilisk ang mga matang nakatitig sa kanya. Makalumang damit ang suot kaya nakasisiguro siyang multo ang mga iyon.

“Oy pare, nakita na naman daw kagabi iyong matandang babae ryan sa inyo. Hindi mo pa ba nakikita ‘yon?” kuwento ni Symon habang nagpapahinga kami. Kakatapos lang naming maglaro ng basketball noon.

“Tigilan mo nga ako. Ang tanda-tanda mo na nagpapaniwala ka pa sa mga ganoong kuwento? Malamang naubusan lang iyong mga nagkakalat noon ng tsismis kaya kung anu-ano na lang ang maikuwento,” basag ko sa kanya.

Kalat na talaga sa lugar namin ang kuwentong iyon. Ang ipinagtataka ko naman, bakit ni isa sa aming nakatira rito ay walang nakakakita sa matandang babae na sinasabi nila?

Pag-uwi ko ng bahay ay naabutan ko si Papa na naghahanda ng tanghalian. Pero dahil pagod pa ako sa paglalaro’y umupo muna ako sa sofa at nagbukas ng telebisyon. Pagkatapos ng limang minuto’y narinig ko si Papa na tinatawag ang pangalan namin isa-isa. Kakain na raw.

Tumayo ako kaagad at nagtungo sa lamesa pero inutusan muna ako ni Papa na tawagin sina Mama at si Bunso. Sinunod ko naman siya at agad na hinanap ang dalawa. Si Ate’y may pasok sa trabaho noon.

Habang naghahanap ay napadaan ako sa altar. Malapit lang kasi ito sa sala. Nakita ko roon si Mama,

nakaluhod at nagdarasal. Buti naman at si Bunso na lang ang tatawagin ko.

Hindi ko na siya inistorbo dahil taimtim siyang nagdarasal. Malamang ay narinig naman niya ang sigaw ni Papa. Dumerecho ako sa itaas para tawagin si Bunso. Pero habang paakyat sa hagdan ay napaisip ako. *Kailan pa gumamit si Mama ng itim na belo?* Isa pa, parang wala namang damit si Mama katulad ng damit noong babaeng nakita ko. Nakakapagtaka.

Hindi ko rin nakita iyong mukha ng babae. Inakala kong si Mama 'yon dahil siya lang naman ang babae sa bahay noong panahon na iyon. Pero binalewala ko na lang dahil ayaw kong makaramdam ng kahit anumang takot.

Nang nasa itaas na ako'y laking gulat ko dahil nakita ko si Mama na nagpaplantsa ng mga uniform namin. Hindi ako nakapagsalita sa takot dahil unang beses kong nakaranas niyon. Sinigurado ko pa kung sino iyong babaeng nakita ko sa altar. Mabilis akong bumaba para tingnan kung sino iyon pero wala na siya pagbaba ko.

Doon na nagsimula ang mga nakakatakot kong karanasan.

Naulit pa iyon nang minsang utusan ako ni Mama na kunin sa kuwarto nila ni Papa ang kanyang wallet. Nandoon kasi kami noon sa bahay ng pinsan namin. Nasa trabaho si Ate at si Bunso nama'y nasa eskuwelahan. Bale walang tao sa bahay noong panahong 'yon.

Pagbukas ko pa lang ng pinto'y nanindig na ang aking mga balahibo. Kitang-kita ko kasi na may batang lalaki na nakaupo sa hagdan. Ilang segundo rin akong hindi nakagalaw. Nakipagtitigan siya sa akin hanggang sa tumayo siya't tumakbo papunta sa kuwarta ni Ate. Normal lang ang hitsura niya, hindi duguan katulad ng napapanood ko sa mga pelikula. Kasing-edad siya ng bunso naming kapatid.

Nang pumasok siya sa kuwarta ni Ate'y naisip ko na baka magnanakaw iyong bata. Ewan ko pero parang nagkaroon ako ng lakas ng loob na sundan siya. Nagmadali akong umakyat at pumasok sa kuwarta ni Ate pero nanghina ang mga tuhod ko nang makitang walang tao roon. Doon ko napagtanto na multo iyong batang nakita ko.

Agad kong kinuha sa kuwarta ni Mama ang wallet niya at nanginginig na isinara ang pinto ng aming bahay.

Nitong taon lang nangyari ang masasabi kong pinaka-nakakatakot na naranasan ko sa bahay namin.

Iisang kuwarta lang ang tinutulugan namin ng bunso kong kapatid. Magkatabi kami sa kama at iisa lang din ang ginagamit naming kumot. Nagising ako isang madaling-araw dahil sa sobrang lamig. Bukod doo'y naiihi rin ako. Idinilat ko ang aking mga mata at tiningnan si Bunso. Nakatuwad siya at tila lamig na lamig.

Hinanap ko ang kumot na ginagamit namin pero

wala ito sa kama. Sa paghahanap ko'y nadako ang aking paningin sa bintana. Doon ko lang napansin na nakabukas pala ito. Pero hindi iyon ang dahilan kung bakit nagsimulang tumayo ang aking mga balahibo. Kitang-kita ko ang isang matandang babae na nakangiti sa akin. Naroon siya mismo sa tapat ng bintana, para bang binabantayan kami. Sa sobrang takot ay hindi ko na nakuhang titigan ang mukha niya at kilalanin. Hindi ko rin napansin kung anong klase ang kasuotan niya. Bigla na lang akong pumikit at niyakap si Bunso. Sobrang nanginginig ako dahil sa pinagsamang lamig at takot.

Kinabukasa'y hindi ko alam kung panaginip lang iyon o talagang may babae akong nakita. Agad kong hinanap ang kumot pero hindi ko pa rin ito nakita. Tumingin din ako sa bintana at nakita kong bukas nga ito.

Dahil sa mga nararanasan ko'y hindi na ako kumportable sa sarili naming tahanan. Nariyan iyong hindi ko kayang manatili roon kapag mag-isa lang. Kung dati'y hindi ko pinaniniwalaan ang mga kumakalat na kuwento tungkol sa aming bahay, ngayo'y iba na. Ako mismo ang nakakaranas at nakakakita ng mga kaluluwang hindi matahimik at patuloy na naninirahan kasama namin.

Dayo

"G uys, importanteng magdala kayo ng ekstrang damit dahil baka abutin tayo ng hapon doon. Magdala na rin kayo ng sarili ninyong snacks dahil bundok iyon. Malamang, wala tayong makikitang tindahan na puwede nating pagbilhan. Iyong budget kasi natin para sa food ay kasya lang para sa lunch," sabi ng aming lider na si Dorene. Siya ang pinili naming maging pinuno dahil siya lang kasi ang nakakapagpasunod sa buong klase. Mas matanda siya sa akin ng halos dalawang taon pero hindi ko siya tinatawag na ate dahil alangan para sa height niya. Masyado siyang maliit samantalang ako'y matangkad.

Wala talaga akong balak na sumama kung hindi lang ako pinilit ng girlfriend kong si Yna. Siya rin ang nagsali sa akin sa kanilang grupo. Absent kasi ako noong nag-grouping ang aming section.

Gagawa kami ng isang music video at kasabay noon ay ang photo shoot na parehas naming kailangang gawin para sa iisang subject.

"Hindi ba delikado roon?" sabat ng chinitang si Czarina. Madalas na napagkakamalang Koreana dahil sa mata niyang halos hindi na maidilat.

"Oo nga. Bakit n'yo ba kasi naisipang doon mag-photo shoot? Ang layo-layo noon, eh," sabat ko

naman. Gumagawa ako ng paraan para hindi matuloy ang lakad namin bukas ng madaling-araw.

“Hindi naman delikado dahil iyong ate ko, madalas silang mag-overnight doon ng mga kabarkada niya pero buhay pa naman sila hanggang ngayon,” paniniguro sa amin ni Iska. Siya ang nag-suggest na doon kami pumunta. Nahawa na siguro sa pagiging adventurous ng ate niya.

“Paano ka nakasiguro? Baka mamaya magaya tayo sa mga napapanood ko, iyong *WRONG TURN!* Baka may mga nakatira roon na serial killer tapos isa-isa tayong patayin. Goodbye, Mama. Goodbye, Papa. Goodbye Yna. Goodb—”

“Tse! Tumigil ka nga riyon, Jof! Eighteen years old ka na pero napaka-immature mo pa rin. Hindi ka nakakatulong kaya kung pwede, tigilan mo kami sa mga joke mo,” singhal sa akin ni Dorene. Nagtawanan lang ang iba. Medyo napahiya ako dahil doon kaya nanahimik na lang ako.

“Nasaan nga pala iyong girlfriend mo? Bakit hindi pumasok? Sasama ba iyon bukas?” magkakasunod niyang tanong sa akin.

“Hindi ko siya makontak. Hindi p’wedeng hindi siya sumama dahil siya ang nagpumilit sa aking sumama rito,” sagot ko sa kanya.

“Enrico, may load ka ba? Patawag nga,” baling ni Dorene sa best friend kong si Enrico. Pero as usual, walang load ang mokong. Hindi siya naririnig nito dahil nakasalpak na naman ang earphones sa

magkabilang tainga. Halos marinig na namin ang kantang pinakikinggan nito.

“Enrico!” bulyaw ni Dorene.

Napatingin si Enrico pero clueless siya sa mga nangyayari. Bigla niyang tinanggal ang earphones at saka ngumanga tanda ng pagtatanong kung ano ang sinasabi ni Dorene.

“Wala! Sabi ko ang pogi mo,” iritang bulyaw ng maliit naming lider.

“Alam ko. Kaya nga crush mo ako eh,” natatawang sabi ni Enrico.

“In your dreams,” irap sa kanya ni Dorene.

Kunwari pa ang dalawang ito. Alam naman naming lahat na gusto nila ang isa’t isa. iyong isa torpe, habang iyong isa nama’y kunwaring manhater pero kinikilig din sa mga banat ng best friend ko.

Natapos na ang aming klase pero hindi pa rin namin makontak si Yna. Kinakabahan tuloy ako dahil baka kung ano na ang nangyari sa kanya. Nagdesisyon ako na dumaan sa lugar nila. Hindi kami legal pero puwede kong pakiusapan ang isa naming kaibigan na puntahan siya.

Wala akong mayaya kaya hinila ko si Enrico para siya ang tumingin sa kalagayan ni Yna. Makapal naman ang mukha niya kaya alam kong kaya niyang humarap sa mga magulang ng girlfriend ko. Ilang beses ko na siyang pinilit na ipakilala ako sa mga magulang niya pero bawal pa raw dahil siguradong kagagalitan siya.

“Dalian mo na. Sabihin mo classmate mo siya’t may pinasasabi iyong isa nating teacher,” pamimilit ko kay Enrico. Ayaw kasi niyang pumunta sa bahay nina Yna. Biglang tinamaan ng hiya ang loko.

“Man naman. Bakit pa kasi ako? P’wede namang ikaw na lang. Hindi mo naman sasabihin na boyfriend ka niya,” pagmamaktol niya.

“Eh, basta! Sige na. Tanungin mo lang kung bakit hindi siya nakapasok at kung makakasama ba siya bukas. Para kung hindi, hindi na rin ako pupunta,” bilin ko sa kanya.

“Sige na nga! Libre mo ako ng pamasaha pauwi ha?” Pumayag na ako para hindi na magbago ang isip niya.

Agad siyang nagtungo sa bahay nina Yna.

Pagbalik niya ay agad ko siyang tinanong.

“Oh, ano’ng sabi niya? Bakit daw wala siya kanina? Makakasama ba siya bukas? Okay lang ba...” sunod-sunod kong tanong kay Enrico.

“Hinay-hinay lang. Ano’ng uunahin ko sa mga tanong mo?” pagbasag niya sa akin. Nilakihan ko lang siya ng mata.

“Oo raw. Sasama siya. Masama lang ang pakiramdam niya kanina kaya hindi siya pumasok. Hindi nga raw niya ipinapaalam na nilalagnat siya dahil paniguradong hindi siya papayagan,” kuwento niya sa akin.

“Oh? Eh bakit sasama pa siya? Dapat sinabi mong magpahinga na lang siya,” sigaw ko kay Enrico.

“Malay ko ba! Wala ka namang sinabi kanina na gan'on,” nakanguso niyang sagot sa akin.

Napailing na lang ako. Napakatigas talaga ng ulo ng babaeng iyon.

Sabay kaming umuwi ni Enrico at nagpalibre nga siya talaga ng pamasaha. Pagkauwi ko'y kumain lang ako at naghanda ng mga gagamitin para bukas, pagkatapos ay natulog na rin kaagad.

Nagising ako nang mas maaga sa oras na itinakda ko sa alarm clock. Alas-cuatro ang alis namin pero wala pang alas-tres ay gising na ako. Marahil ay nababagabag ako dahil hindi ko nakausap si Yna buong maghapon. Hindi ako excited pero kumpara sa mga nakalipas na araw ay parang mas gusto ko nang sumama para mabantayan ko ang aking girlfriend.

Eksaktong alas-cuatro'y naroon na ako sa aming meeting place. Kakaunti pa lang ang naabutan ko na mas nauna sa akin. Sina Dorene, Iska, Czarina at Dexter pa lang ang naroon.

Ilang minuto pa ang lumipas nang magkakasunod na dumating sina Chad, Josh at Enrico. Wala pa sina Mariel at Yna. Mag-aalas-cinco na pero wala pa rin iyong dalawa. Naiinis na si Dorene dahil isang oras na halos ang nakalipas. Hindi na bago kay Mariel ang mahuli sa usapan pero kay Yna ay nakakapagtaka dahil lagi itong mas maaga sa itinakdang oras.

Dumating si Mariel nang alas-cinco ng umaga, naman siyang humingi ng paumanhin sa amin. Pero

si Yna, wala pa rin.

“Kung 5:30 wala pa rin siya, umalis na tayo,” medyo asiwang sabi ni Dorene. Tumingin naman siya sa akin, para bang hinihingi ang permiso ko. Hindi ako sumagot.

“Ang sabi niya sa akin kagabi, pupunta raw siya eh,” sabat ni Enrico.

“Basta kung hindi siya dumating, hindi na ako sasama,” saad ko sa kanila.

“Ikaw ang bahala. Hindi naman kami ang mawawalan ng grade eh,” pairap na tugon ni Iska.

“Uy, man! Sumama ka na. Narito na tayo eh,” pamimilit ni Josh sa akin. Umiling lang ako. Wala rin naman akong gagawin doon kung sakaling sasama ako. Magmumukha lang akong tanga.

5:30 na pero wala pa rin si Yna. Wala na talaga. Nagdesisyon na akong umuwi na lang oras na magsabi si Dorene na aalis na ang grupo.

“Guys, tara na. Hindi na pupunta si Yna. Masasayang lang ang oras natin kahihintay rito. Wala tayong mapapala,” bulalas ni Dorene.

Nakita kong nagsitayuan na ang lahat at binuhat ang kani-kanyang dalang gamit. Biglang nanlaki ang mata ni Czarina nang may makitang paparating.

“Ayun si Yna oh!” sabay nguso sa kinaroroonan nito.

“Sakto! Sumama ka na, man! Andiyan na iyong prinsesa mo,” asar sa akin ni Dexter. Napangiti naman ako nang bahagya dahil sa wakas ay nakita ko na siya

na maayos ang kalagayan.

“Sorry guys. Late ako. Tumakas lang kasi ako,” hinihinalang niyang bungad sa amin. Nagtaka naman ang lahat lalo na ako.

“Paanong tumakas?” tanong ni Iska.

“Eh, akala kasi nina Mama may sakit pa ako. Nalaman kasi niyang inutusan ko iyong kapatid ko na bumili ng gamot. Kaya ayon, hindi ako pinaalis. Tumakas lang ako dahil wala naman na talaga akong sakit,” paliwanag niya.

“Sigurado ka?” tanong ko sa kanya.

“Oo naman. Overacting lang sina Mama. Sumakit lang iyong ulo ko kahapon,” sagot niya sa akin sabay abot ng dala-dalang bag. Napansin ko na parang problemado si Yna. Hindi ko alam ang dahilan pero pakiramdam ko’y may dinadala siyang mabigat sa dibdib.

“Okay, tara na. Baka kung anong oras pa tayo makarating doon. Kailangan nating magmadali,” sigaw ni Dorene.

Nakarating kami sa aming pupuntahan bago magtanghalian. Nakapaghanda pa kami ng aming kakainin.

Nakakita kami ng maliit na talon at malapit doon namin napagkasunduang kumain. Itinayo muna naming mga lalaki ang tent na dala-dala ni Iska. Iyon na rin ang magsisilbing bihisan nilang mga babae. Habang inaasikaso namin ang tent ay nakatoka naman sila sa paghahanda ng pananghalian.

Masaya kaming kumain nang sabay-sabay. Tawanan at tuksuhan hanggang sa matapos. Ang lahat ay walang ideya sa lagim na mangyayari sa aming pananatili roon.

Matapos kumain ay agad na nagbihis ang mga napili naming gaganap para sa music video. Inuna namin iyon dahil madali lang naman ang mag-photo shoot. Mga bandang alas-dos ay nagrolyo na ang aming camera. Si Josh ang naging cameraman dahil siya ang may-ari ng ginagamit naming camera. Kami naman ni Yna ay magkatabi lang at nag-aasaran. Si Enrico ay nasa loob ng tent at nakikinig ng music. Habang ang iba'y abala sa pagtulong sa ginagawa naming music video.

Habang kinukunan namin ang eksena nina Dexter at Dorene ay may napansin si Josh na nahagip ng camera. Bigla siyang tumingin sa malaking puno na nasa likod ng dalawa.

“Bakit?” tanong ni Dorene.

“Teka,” nakakunot-noong sagot ni Josh. Tiningnan niya ang nakuhanang eksena pero ayaw nitong mag-play.

“*Putik*, umalis na tayo rito!” sigaw ni Josh sabay takbo sa tent. Nagulat kami sa ikinilos niya. Noong umpisa’y inakala ko pang nagbibiro lang si Josh dahil mahilig siya sa mga ganoong prank.

“Hoy, man! Ano’ng nangyayari sa iyo?” natatarantang tanong ni Dexter. Hindi sumasagot si Josh at patuloy lang sa pagliligpit ng kanyang mga

gamit.

“Ano ba ‘yan? Kung ayaw niyong mag-shoot, dapat sinabi n’yo kanina pa para hindi na tayo nagsayang ng oras dito,” mataray na sigaw ni Iska.

“May sinabi ba akong ayaw ko?” biglang sumigaw si Josh.

“Ano ba kasi’ng nakita mo?” mahinahong tanong ni Dorene. Bago tuluyang magsalita ay tiningnan niyang muli ang malaking puno.

“May nakita akong lalaki sa tabi ng punong iyon. Nakakatakot iyong hitsura. Parang pinandidilatan niya ako ng mata. Tara na, humanap na lang tayo ng ibang lugar. Huwag lang dito,” kuwento niya sa amin. Hindi ko alam kung maniniwala ako sa sinabi niya. Maloko kasi siya. Siya nga ang dahilan kaya napakalakas ng tawanan namin kanina lang.

Pumayag naman ang lahat na maghanap ng ibang lokasyon. Pero kapansin-pansin ang pagiging tahimik ni Josh. Nawala ang karakter niyang masayahin at laging nagpapatawa. Doon pa lang ay nabahala na ako. Mukhang seryoso nga siya sa nakita.

Dahil wala namang ginagawa’y si Enrico ang naging cameraman ng aming grupo. Nakaupo na lang si Josh kasama namin ni Yna. Kinakausap namin siya pero ayaw niyang magkuwento.

Bago pa maggabi’y natapos na naming lahat ang dapat gawin. Napagdesisyunan naming lahat na magmadaling umuwi dahil delikado kung abutin kami doon ng dilim.

~~_____~~

“Guys, parang galing na tayo rito kanina,” naiinis na sambit ni Czarina. Halata sa kanya ang takot. Medyo nag-aagaw na kasi ang dilim at ang liwanag.

“Hindi pa. Derecho lang,” sabi naman ni Iska. Hindi mo siya kakikitaan ng pangamba. Pero ewan ko, baka nagtatapang-tapangan lang.

“Peste! Bakit ba kasi dito pa tayo nagpunta? Ito iyong sinasabi ko sa inyo eh,” sigaw ko sa kanila dahil sobrang dilim na at wala na kaming makita sa daan. Walang silbi ang dala naming flashlights dahil hindi namin kabisado ang daan palabas ng lugar na iyon.

Nakayakap sa akin si Yna habang ang iba nama’y magkakakapit.

“Hindi safe kung maglalakad tayo nang ganitong oras. Believe me, mas ikapapahamak natin kung pipilitin nating umuwi,” suhestyon ni Mariel.

“Ano’ng gusto mong gawin natin? Dito tayo magpalipas ng gabi? Hell no!” sigaw ni Czarina.

“Sige, kung gusto mong mapahamak. Umuwi kang mag-isa!” ganting-sigaw ni Mariel.

“Bakit hindi ikaw ang magpagabi rito nang mag-isa? Tatal matapang ka naman, ‘di ba?” sarkastikong sagot ni Czarina.

“Alam n’yo, hindi nakakatulong iyong pag-aaway niyong iyan. So please, huwag na kayong sumabay sa

problema, okay?” awat ni Dorene.

“Sa tingin ko, tama si Mariel. Manatili na lang muna tayo sa isang lugar hanggang lumiwanag. Delikado ang maglakad nang wala ka halos nakikita,” pagsang-ayon ko sa sinabi ni Mariel. At para hindi na rin humaba ang kanilang pagtatalo.

Bandang huli’y naintindihan ng lahat ang punto ni Mariel. Kaya lahat kami’y nagdesisyon na maghintay ng umaga sa lugar na iyon.

Nakakita kami ng medyo maluwag na lugar at dito namin inilatag ang aming tent. Dahil hindi kami kasya lahat, mga babae lang ang matutulong habang kami nama’y mananatiling gising at magsisilbing bantay sa kanila. Hindi naman kami nagutom dahil may kani-kanya kaming baong pagkain. Ang problema namin ay tubig.

Gumawa rin kami ng *bonfire* para lumiwanag kahit papaano.

Ang bagal ng oras. Nakakainis. Alas-diez pa lang ay pumasok na ang ibang babae sa tent habang sina Yna at Mariel ay sumama muna sa amin sa labas. Habang nagkukuwentuhan, may inilabas si Chad mula sa kanyang bag.

“Men, kanina pa ito naghihintay na ilabas ko. *Tenen!*” Inilabas niya ang isang mamahaling alak.

“Mag-iinom kayo rito?” tanong ni Mariel.

“Bakit hindi? Wala naman tayong mga bantay. At saka para mabawasan kahit paano iyong problema natin,” nakangiting tugon ni Dexter.

“Game ako riyan. Mukhang masarap iyan, Chad.”
sabi ko.

“Oo, men. Imported ‘to. Ninakaw ko sa collection ng tito ko,” pagmamayabang pa niya. Nagtawanan kami dahil hindi namin inasahan na ninakaw o kinuha lang niya ito nang walang paalam.

Nilakihan ako ng mata ni Yna. Kinabahan ako dahil baka hindi niya ako payagang mag-inom. Eto ang mahirap sa committed eh, maraming bawal.

“Bawal ba, mahal?” tanong ko. Bigla siyang ngumiti. Napanatag ako.

“Joke lang. Sige na, basta ayusin n’yo ang pagbabantay sa amin ha?” tugon niya sa akin.

“Thank you, mahal. I love you.”

“I love you too. Sige na, matutulog na ako. Ikaw, Mariel?” baling niya sa babae.

“Matutulog na rin ako. Ayusin n’yo riyan ha?” bilin sa amin ni Mariel.

Habang nagbabantay ay nagtatawanan kami. Si Josh, ang ubod ng kulit na si Josh ay tahimik lang. Pero nang malasing ay bumalik din sa dati. Maingay na naman. Ang ingay namin kaya medyo lumayo kami sa tent. Hindi naman sobrang layo, kita pa rin namin sila.

Nakaramdam ako ng tawag ng kalikasan kaya nagpasama ako kay Chad na umihi. Hindi na kami lumayo dahil madilim naman. Habang umiihi’y may napansin akong gumagalaw sa aking harapan. Hindi ako sigurado, medyo umiikot na rin kasi ang paningin

ko dahil sa kalasingan. Pinakiramdaman ko ang aking paligid. Hindi ako matatakutin pero bakit bigla akong kinilabutan? Naloko na.

Nang matapos ako'y sinigawan ko si Chad. Nakita ko kasing nakatayo lang siya roon sa isang puno.

“Hoy! Tara na!” sigaw kong muli pero hindi siya lumilingon. Nang palapit na ako sa kanya'y bigla siyang nawala. Takot na takot ako.

Nagmadali akong pumihit patalikod para bumalik sa aming puwesto pero nagulat ako sa aking nakita. Sinalubong ako ng isang lalaki. Katulad ng sinabi ni Josh, nakakatakot ang hitsura nito at pinandidilatan ako ng mata. Nagdasal ako't nakayukong naglakad pabalik sa aming puwesto. Nanginginig ako sa takot dahil sa nakita ko.

“Bakit ang tagal mo?” tanong ni Chad. Doon ko napagtantong hindi si Chad ang nakita ko kanina sa dilim.

“Ah, eh, wala. Nahirapan lang akong umihi,” pagdadahilan ko sa kanila. Hindi ko na ikinuwento ang nakita ko dahil ayaw kong pati sila'y matakot. Pero habang nag-iinuman at nagbabantay kami'y nakikita ko iyong lalaki hindi kalayuan sa aming puwesto. May kasama siyang matabang babae at nakatitig din ito sa amin. Sa tuwing mapapatingin ako sa kanilang direksyon ay umuusal ako ng dasal.

Kinabukasa'y hindi namin namalayan na nakatulog pala kaming lahat. Ang sakit ng ulo ko. Nakasandal sa akin si Enrico habang sina Chad at

Dex ay magkayakap na nakasandal sa isang puno. Si Josh nama'y nakapangalumbaba habang natutulog.

Ginising ko si Enrico dahil nabibigatan ako sa pagkakasandal niya sa aking balikat.

“Guys, gising! Umaga na,” saad ko sa kanila.

“Gisingin n'yo na ang mga babae,” utos ko kay Enrico habang inililigpit ang mga ginamit namin kagabi.

“Men, gising na. Uwi na tayo,” paggising ko sa tatlo.

“Uy, bakit wala iyong girlfriend mo sa loob?” naguguluhang tanong ni Enrico.

“Ha? Sigurado ka?” Nanlaki ang mata ko nang marinig ko iyon.

“Oo. Tingnan mo,” natataranta niyang tugon.

Napatakbo ako upang alamin kung totoo nga ang sinasabi niya. Lahat sila'y gising na. Wala nga si Yna.

Diyos ko!

“Men, si Yna nawawala!” naiiyak kong sigaw.

“Ha? Seryoso? Baka nariyan lang sa tabi-tabi. Nagpapahangin?” Pansin kong maging si Dexter ay natataranta na rin. Habang si Josh nama'y nakatulala sa isang direksyon. Napanganga ako dahil iyon ang puno kung saan niya nakita ang sinasabi niyang lalaki. Para kaming pinaglalaruan dahil bumalik lang kami sa lugar na aming iniwasan.

“Men, iyong lalaki ang may kagagawan nito. Sinadya niyang maligaw tayo,” nangangatog na sambit ni Josh habang nakatitig pa rin sa puno.

“Ano ba? Huwag na nga tayong magtakutan. Hanapin na lang natin si Yna. Baka mapaano pa iyong kaibigan natin,” ani Iska na unang beses kong makitaan ng takot sa mga mata.

Naghiwa-hiwalay kami sa paghahanap kay Yna dahil mas magiging mainam iyon upang mas madali siyang makita. Naghati kami sa tatlong grupo. Kami nina Josh at Dorene ang magkakasama. Sina Dexter, Chad at Enrico nama’y nagpunta sa talon na nakita namin kahapon. Habang sina Iska, Czarina at Mariel ang nagbantay ng aming mga gamit.

Hindi pa kami nakakalayo’y narinig kong sumigaw si Enrico. “*Men*, narito si Yna!”

Para akong nabunutan ng tinik nang marinig iyon. Kumaripas kami ng takbo papunta sa kanila pero nang nasa batuhan na kami’y naging maingat ang lahat. Napakadulas kasi rito.

Kasabay naming pumunta ang tatlong babae na naiwan sa aming mga gamit. Marahil sa sobrang pag-aalala’y nalimutan na rin nila na sila ang nakatoka sa pagbantay. Kung sabagay, kami-kami lang naman ang naroon kaya walang maaaring mawala.

Natanaw ko sina Enrico na nasa ibaba. Nagtaka ako.

Paanong napunta roon si Yna, eh napakadulas ng mga bato at sobrang dilim kagabi?

Nang makababa kami’y naabutan naming ginigising ni Enrico si Yna. Puno kami ng pagtataka, kasabay ng pag-aalala. Paano siya nakababa habang

tulog?

Lumapit ako para tingnan kung humihinga pa siya. Kung anu-anong bagay na kasi ang naiisip ko.

Nakahinga ako nang maluwag dahil buhay pa ang kasintahan ko. Mainit pa rin ang kanyang katawan kaya nakasisiguro akong hindi pa patay si Yna.

“Mahal,” paggising ko sa kanya habang tinatapik ang braso niya. Medyo matagal bago siya magising. Pero nang magising siya’y halata sa kanyang pagmumukha ang galit. Hindi ko alam ngunit parang hindi siya ang kaharap ko. Napaatras ako dahil minura niya ako na para bang ang laki-laki ng nagawang kasalanan sa kanya. Napakaimposible dahil hindi siya marunong magmura.

Bigla siyang tumayo at itinulak si Josh. Bumagsak ito sa batuhan. Nabigla ang iba at imbes na hawakan siya’y umiwas ang lahat. Sumunod ako kay Yna pero galit na galit niya akong sinigawan.

“Huwag kang susunod! Papatayin kita!” bulyaw niya sa akin. Kinabahan ako hindi sa kung ano ang puwedeng mangyaring masama sa akin. Mas iniisip ko kung ano ang posibleng mangyaring masama sa babaeng mahal ko.

Narinig ko na lang na tumili si Czarina. Pero hindi ko na inisip iyon. Sa halip, sinundan ko pa rin si Yna. Sumama sa akin sina Enrico at Chad. Ang bilis ng kanyang pagtakbo. Gulong-gulo na ako. Dapat talaga hindi na kami rito pumunta.

Naabutan siya ni Enrico at agad siyang niyapos

nito. Pero napakalakas ni Yna kaya nagawa niyang itulak si Enrico. Naabutan ko rin sila at agad kong niyakap ang aking kasintahan. Hinahampas niya ako kaya tumulong na rin ang dalawa sa paghawak sa kanya. Aminado ako na kung ako lang ang hahawak sa kanya'y makakawala siyang muli.

Nagpumiglas siya't sigaw nang sigaw. Kapag nagkakaroon ng pagkakatao'y sinasaktan niya ang isa sa amin. Kalmot, hampas, kagat, sabunot. Awang-awa na ako sa babaeng mahal ko. Halos hindi ko siya matingnan nang derecho sa ganoong sitwasyon. Naipagdasal ko bigla sa Diyos na kung sinuman ang nasa katawan ni Yna ay umalis na upang hindi na siya mahirapan pa.

"Hindi kayo makakaalis sa lugar na 'to nang buhay!" asik niya sabay tawa nang nakapangingilabot.

Agad namin siyang dinala sa aming puwesto. Naabutan namin si Josh na puro dugo ang ulo. Humampas pala ang kanyang ulo sa bato nang itulak siya ni Yna. Mabuti at minor injury lang at hindi kailangang tahiin pa. Masyado kasing malayo ang ospital sa bundok na iyon.

Nakita ko na parang naiiyak na ang mga babae naming kasama. Marahil ay hindi nila kinaya ang mga nangyayari. Maging ako ma'y pinanghihinaan na ng loob. Pinipilit ko na lang ang sarili kong maging matapang at hindi ako tumitigil sa pagdarasal.

Hindi kami makaalis sa lugar na iyon dahil sa lagay ni Yna. Nagwawala pa rin siya at

nagpupumiglas. Sinabi ng iba na itali namin siya ngunit hindi ako pumayag. Mas gusto ko pang masaktan kaysa makitang nakatali ang girlfriend ko.

Mayamaya pa'y may narinig kaming mga taong paparating. Nagkaroon kami ng pag-asa na makaalis sa impyernong lugar na iyon.

Tatlong kabataan ang napadaan sa puwesto namin. Agad na lumapit sina Dorene sa mga ito. Mas bata sila nang kaunti sa amin at may dala-dalang parang mga kulungan.

Kinausap sila ni Dorene pero hindi ko na inintindi pa ang usapan nila. Nagwawala pa rin kasi si Yna.

Mayamaya'y lumapit sila sa amin.

“Sasamahan daw nila tayo roon sa kilalang manggagamot sa lugar nila. Medyo malayo pero at least makakaalis na tayo rito,” sabi ni Mariel.

Tanging salamat lang ang nasambit ko sa kanila. Habang naglalakad kami'y paiba-iba ang timpla ni Yna. Minsa'y nagwawala. Minsan nama'y biglang nagiging normal at pipilitin kaming umuwi na. Kapag hindi kami pumayag ay nagwawala siya at nananakit. Nakatakbo pa siya pero buti na lang at nahawakan kaagad ng isa sa mga tumulong sa amin.

Nang makarating kami sa bahay ng tinatawag nilang Tatay Andres ay nagulat kami dahil hindi siya iyong normal na manggagamot na makikita mo sa mga pelikula. Maganda at gawa sa bato ang bahay niya. Hindi mo aakalain na isa siyang albularyo. Ang malimit kasing imahe ng katulad niya'y sa kubo

nakatira't puro halamang gamot ang bahay, may panyo sa ulo at kung anu-anong anting-anting ang nasa katawan.

Kumatok ang isa sa tumulong sa amin na kaagad namang pinagbuksan ng matanda. Mayamaya'y tumingin ito sa amin nang kausapin ng binatilyo.

"Ikaw na naman?" bulalas ni Tatay Andres. Tumili nang pagkalakas-lakas si Yna, animo takot na takot.

"Alisin n'yo ako rito! Bitiwan n'yo ako!" pagpupumiglas niya. Hindi kami nagpatalo at mas lalo pang hinigpitan ang pagkakahawak sa kanya.

"Hindi ka na nadala! Ipasok n'yo siya rito," sigaw ni Tatay Andres. Agad kaming sumunod sa utos ng matanda.

Pagpasok nami'y may inilabas na buntot-pagi ang albularyo. Inihampas niya iyon kay Yna. Sumigaw siya at biglang nangisay. Awang-awa ako sa kanya pero wala akong magawa. Kung hindi iyon gagawin ni Tatay Andres, mas malaki ang tsansa na mapahamak ang mahal ko.

"Nasaan na ang iba n'yo pang mga kasama? Papasukin n'yo sila dahil may mga naisama kayong elemento pagbaba rito. Kailangan ninyong maging malinis para mawala sila," utos niya. Agad namang tinawag ni Chad ang iba pang naiwan sa labas.

Nawalan ng malay si Yna at hindi na muling nagwala pa. Para siyang lantang gulay na hindi makagalaw. Sinabi ni Tatay Andres na umalis na raw iyong lalaking pumasok sa katawan ni Yna. Marahil

ito rin ang lalaking nakita namin ni Josh. Dinasaan ng matanda ang bawat isa sa amin upang hindi na raw kami masundan pa ng mga elemento na naisama namin mula sa bundok.

Nang magising si Yna ay pinainom siya ng halamang gamot ni Tatay Andres. Kinapalan na namin ang aming mukha at nakiligo kami rito.

“Sa susunod ay maging maingat kayo sa mga lugar na inyong pinupuntahan. May pagmamay-ari sila na kinuha ninyo, at para sa kanila’y isa iyong malaking kasalanan. Hindi pa kasama roon ang ginawa ninyong inyang na gumambala sa kanila,” bilin niya sa amin.

“Salamat po. Pangako, babalik kami rito para makakuwentuhan kayo. Maraming salamat po talaga,” saad ko sa kanya.

“Samahan n’yo sila sa sakayan. Hintayin n’yo silang makasakay bago n’yo iwan,” utos ng matanda sa dalawang lalaki.

Habang nasa biyahe pauwi’y naalala ko na habang nagbibihis ang iba’y may magandang bulaklak akong pinitas malapit sa malaking puno. Ibinigay ko iyon kay Yna. Naalala kong inipit niya iyon sa kanyang notebook. Agad kong kinuha iyong notebook at hinanap ang bulaklak. Pagkakita ko ay agad ko itong itinapon sa labas ng umaandar na nasasakyan.

Nakauwi ang magkakaibigan nang ligtas at ngayon ay graduate na sila ng college. Ang pangyayaring iyon ay isa sa mga bagay na nagturo sa kanila na galangin

ang bawat lugar na kanilang pupuntahan. Natutunan nila ang kanilang responsibilidad at limitasyon bilang isang DAYO.